KIDS GOD WORSHIP
www.kidsworship.kr


15st Story

# Kahit may hirap na pinagdadaanan, ito'y may nakatagong kahulugan!




**Narration** Bagamat! maraming mga tao ang humadlang sa pagpunta ni Pablo sa Jerusalem, siya ay hindi parin napigilan at nakarating nga siya sa Jerusalem, [Je! Ru! Sa! Lem!] At pagkaraan ng ilang araw, pumasok si Pablo at ang kanyang mga kasama sa templo. Nang oras ding iyo!!!!!

**Jew 1** Wawwww!!!! siya iyon!!!! Si Pablo iyon!!!!



**Jew 2** At ngayon! Dinala niya ang mga Hentil sa templo para dumihan ang banal na lugar.


**People** (nagbulong-bulungan) Ano??? napakasama naman niyang tao! Huliin ninyo siya! Huliin ninyo si Pablo.



**Narration** Galit na galit ang mga Judio kaya kinaladkad nila si Pablo palabas ng templo at sinubukang patayin ito.

**Jews** Halika dito!!!!! ang dapat sa'iyo ay mamatay!!! Tara,,, batuhin natin siy...


**People** Hyaaaahhhh!!!! batuhin natin siya!!! patayin siya!!!!



**Commander** Tumigil kayo!!!! magsitigil kayo!!!!!

**Narration** Nang mabalitaan ng mga hukbong romano na nagkaroon ng malaking kaguluhan sa lungsod ng Jerusalem. Agad silang pumunta doon.

**Commander** Oyyyy!!! kayo!!! anong ginagawa ninyo?



**Paul** General, may hihilingin po akong pabor. Ako ay isang Judio, ngunit isang mamamayan ng Tarsus, ipinanganak sa Tarsus sa Cilicia. Payagan po ninyo akong magsalita sa harap ng mga Hudyong ito.

**Commander** Ahhh ganun ba!!! Sige magsalita ka.

**Narration** Tumindig si Pablo at Nagsalita sa harapan ng mga Hudyo sa wikang Hebreo.





**Paul** Mga kapatid, Makinig kayong mabuti sa sasabihin ko. Ako ay isang Hudyo. Bagamat ako ay ipinanganak sa Tarsus, lumaki naman ako sa Jerusalem at tinuruan ako ng aking guro na si Gamaliel. Isa din ako sa mga umuusig sa mga tagasunod ni Jesu-Cristo. Ipinapa-bilanggo ko nuon at ipinapapatay ang sinumang naniniwala kay Hesus. (Flashback scene: Hoy! Hoy!! Hindi ka ba makakahabol agad? Kung mahuhuli ka, wala kang kakainin.) Isang araw, habang ako ay papunta sa Damascus upang arestuhin ang mga tagasunod ni Hesus, biglang may lumiwanag sa paligid ko, at doon ay nakilala ko si Jesus. Nalaman ko na si Hesus ay ang Anak ng Diyos, at ayon sa kanyang utos, ipinapangaral ko ngayon ang kalooban ng Diyos, ang Magandang Balit sa mga Hentil. Naiiintindihan niyo ba ito?

**Jews** Patayin ang taong iyan! Dapat siyang mamatay. Patayin!! patayin!!! (Naging napakaingay.)



**Commander** Sige!!! huliin si Pablo at bugbugin nang husto, dapat siyang turuan ng leksyon...

**Paul** Ano??? hindi ito maaari!! Heneral, ayon sa batas, hindi maaaring hatulan ang isang mamamayang Romano ng hindi muna nililitis.

**Commander** hah? Ikaw ba ay isang mamamayang Romano?

**Paul** Opo! Ako ay ipinanganak na romano. At Gusto kong magkaroon ng pormal na paghahatol.



**Narration** Si Pablo na, hiniling na magkaroon ng tamang paghatol, ay nagawang magpatotoo at ipagtanggol si Jesus sa mga Hudyo habang siya ay dumaranas ng mga pagsubok. Ayon sa sinabi ni Agabo, Bagamat nakagapos ang katawan ni Pablo, maipapangaral parin niya ang Mabuting Balita sa Korte.



**Paul** Ahhhhh!!!! ito pala ang ibig sabihin ni Agabo. Maipapangaral ko parin na si Hesus ang tagapagligtas.

**Narration** Si Pablo ay lubhang nahirapan sa gita ng kanyang pagkabilanggo ng mahabang panahon, dahil sa walang katapusang paghatol sa korte,··· kinagabihan nagpakita si Jesus kay Pablo.



**Paul** Hayyyy!!!! ang sakit ng likod ko, ang sakit ng buong katawan ko.

**Jesus** Pablo “Lakasan mo ang iyong loob! Kung paanong nagpatotoo ka tungkol sa akin dito sa Jerusalem, kailangang magpatotoo ka rin sa Roma.”

**Paul** (Habang siya ay nakahiga) Ohhhhh······Hesus··· kakayanin ko kaya? Kung pupunta ako sa Roma···

**Narration** Pagkatapos niyon, sumakay si Pablo sa bangka papunta sa roma para sa huling paghatol, kasama niya ang ilang mga bilanggo.

**Prisoner** Ikaw bilanggo 24599 Popeye!! Pumasok ka!!! Ikaw namang hangal number 24601!!! Pumasok ka!!! 24604! Pablo Pumasok ka na.

**Narration** At si Pablo ay pumunta sa Roma, at ipinangaral ang Magandang Balita tungkol kay Hesus.